

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**SPEECH OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
DURING THE VISIT TO THE EARTHQUAKE VICTIMS IN M'LANG,
COTABATO**

[Delivered at the M'lang National High School in M'lang, Cotabato | 30
December 2019]

Kindly sit down. Sorry, I was not looking at you.

Social Welfare and Development Secretary Rolando Joselito Bautista and the other members of the Cabinet; Senator Bong Go; National Housing Authority General Manager Marcelino Escalada; North Cotabato Governor Nancy Catamco; [*Hain man diay inyong Vice? Wa?*] Arakan Municipal Vice Mayor Jenefier Anarna-Pangilinan; our brothers and sisters affected by the recent earthquake; other invited guests; mga kababayan.

Before I dwell on my prepared speech, ano ba talaga ang nangyari dito malakas 'yung lindol? Linte nga lindol na. [*laughter*] Kaya kung makita mo sagpaon mo. Istorbo sa kinabuhi naton.

The past year has been very challenging for many Filipinos, especially to my fellow Mindanaoans.

Natural disasters and other calamities have hit the region, taking many lives, destroying properties and depriving our people of vital resources.

Alam mo sa totoo lang katapos-tapos lang 'yung earthquake dito pumasok na naman 'yung yawang Ursula ba 'yon? Mga walang hiya itong mga natural disasters. Naaawa ako sa Pilipino. Actually I have to find time to visit the other areas: Tacloban again, Mindoro, and 'yung mga islands even Bacolod pero hindi masyado.

Sa panahon na ito maski wala ka namang ibigay basta magpakita ka lang. Kami pumunta dito may maibigay kami sa inyo. Ang laman niyan pera. Isang karton. [*laughter*] Huwag ninyong sayangan. Kaya mabigat. Pera talaga 'yan. Siguro tagwa-one hundred.

Last October 29, a 6.6 magnitude earthquake terribly affected Cotabato. Not long after, another tremor occurred in the same area, damaging critical infrastructure and displacing several families.

Marami ho kayong...? Daghang naguba ngari nga...? Daghan naguba ngari nga...? Dali ra. *[NHA General Manager Escalada: Sa Makilala mga 3,400; sa Magsaysay, 2,000; Kidapawan, 1,700; sa M'lang, Tulunan and others financial assistance lang ta katong tig-30,000 and 20,000. But we only have three sites for housing.]* Kaya mo? *[NHA General Manager Escalada: Kaya, Mayor.]* How long? *[NHA General Manager Escalada: Six months akong gihatag sa target nato, Mayor. By June next year turnover nako almost 1.8 billion worth of projects for three.]* Okay.

Siya ho si Señor Escalada. He is really a government worker. He was with me in 1988 housing sa City Mayor's Office. Ngayon, siya na ang pinaka top honcho. Marunong ito at hindi ito nangungurakot. Talagang tumagal sa gobyerno. 'Pag sinabi niya 'yan, iyan 'yan at maasahan ninyo na tutuparin niya ang pangako niya na 1,600? *[NHA General Manager Escalada: 1.8.]* 1.8 houses? *[NHA General Manager Escalada: 1.8 billion worth of housing --- mga 7,000.]* 1.8 billion of housing... *[NHA General Manager Escalada: 7,000 units]* That would translate to 7,000 units. *[NHA General Manager Escalada: In June.]* Dalian mo kay para sunod na earthquake may matumba na naman. *[laughter]*

These two succeeding earthquakes inevitably led to landslides and the collapse of major buildings, resulting in more deaths and injuries.

I'm really very sorry. Noong tumama rin ito almost the same sa Davao. Natutulog ako --- hindi ako nagpapatawa ha. Natutulog ako tapos gumaganun na 'yung bahay. Eh di natulog lang ako sabi ko "ah wala man 'to". Maya nagtakbuhan na itong mga PSG. Tapos 'yung aking nurse, kaya nga taga-Tulunan, Ilongga ni. Hain ka man? Sigaw siya sa hagdanan. "Sir, sir, nag-earthquake!" Sabi ko... Sabi niya, "Tindig na, sir! Tindig na!" Hinawakan niya kamay ko. Sabi ko, "Imae, huwag mo akong pakialaman. Ikaw lang ang magbaba doon." Sabi niya, "Sir, hindi talaga malakas na." Malakas naman talaga gumaganun na. Hinawakan na niya 'yung dito ko sa likod, nakahiga ako, kakargahin na ako. *[laughter]* Sabi ko, "Imae, sipain kita diyan ngayon. Sinabi ko iyo huwag mo akong pakialaman kay hindi ako natatakot sa leche na linog na ito." "Wala ito," sabi ko. Ilang linog na sa buhay ko.

Oo, totoo. Davao since we migrated there many, many years ago, I have experienced 'yung mga ganun, wala man. Tinutulugan ko lang 'yan. Hindi ako lumalabas. Kasi sabi ko 'pag malas, 'pag bumagsak talaga 'yang bahay, eh di

huwag na ninyo akong kunin. Gawain na ninyo semento tapos iyon na ang libing ko. *[laughter]*

However, despite such difficult circumstances, we must carry on. In solidarity, I join the survivors of the earthquakes in Mindanao who are here with us today.

I wish to acknowledge the local government of Cotabato and the national government agencies for assisting the earthquake victims and their families during their time of need.

To date, monetary assistance and other materials such as shelter repair kits, medicines, generators, water containers, hygiene packs, food packs and tents have been provided for the victims and their families.

I assure you that the government will continue to help all of you until you are able to get back on your feet and start anew with renewed hope and greater capacity to lead dignified lives.

Alam mo sa sitwasyong ito, lalo na sa tinamaan, it's really scary and sometimes there's a little depression. Kaya made-depress ka talaga kasi kung nawalaan ka ng bahay at lalo na kung nawalaan ka ng anak, nawalaan ka ng tatay, nanay.

So I condole with you in your --- I share your grief, sa totoo lang. Kaya ako nandito, pinilit ko. And I must apologize, I am very sorry that I could not be here immediately.

Marami hong problema sa Maynila kasi busy ako nagmumura doon sa mga water concessionaires na si Ayala pati si Pangilinan. Ngayon, itong mga opposition, itong mga --- maski noon pa, either the opposition or the ruling party now, it has always been the same.

Where's the big fish? Saan `yung pinakamalaking corruption? But when I was campaigning, I --- remember I went here, sinabi ko nga sa kamay ko, iilan lang ang programa ko. One is droga, then sabi ko `yung corruption sa gobyerno. Then sabi ko i-streamline ko ang gobyerno para eh anuhin ko, ibahin ko ang takbo.

Pero ganun pa man --- aba linte ning mga pulis ni. Dito okay lang. Basta mga probinsya mahusay ang mga pulis. But in Manila? That's why I did not appoint a PNP. Sabi ko kay General Año na hawakan niya muna. You fix the police so that by the time we make the exit two years from now, at least ang mga problema ng Pilipino medyo --- medyo hindi na masyadong mabigat.

You're dealing with government officials or officers who are into corruption, lalo na ang droga. That I am warning you again, be it the police, the mayors o `yang mga barangay captains: You will die. Pagka pumasok kayo sa droga, there is no other way to deal with you, except to kill you.

I've been telling you, do not destroy my country. And if you destroy the youth of this land, you will have effectively destroyed the nation. `Pag ganun ang sige ninyo gawa, patayan talaga `yan.

`Yang Human Rights na `yan, ang ginagawa puro human wrong, hindi human rights. Iba `yung trabaho nila, taga-bilang ng patay para sa punerarya. Ang akin it's the social problem that is the result of the use of drugs.

Maraming Pilipino, maraming buhay nasisira. Ikaw, may bahay ka, may adik ka lang sa bahay mo, may problema ka na. And even let me say, the family becomes dysfunctional.

Mangawat. Unsay buhaton sa kawata? Mangawat sa ubang balay. Mamaligya hangtod mao na iyang kinabuhi. Naa tong musulod sa droga, mag-dealer, mu-big-time na kay sayo naman ibaligya, ah mao na na. Ang style man gud sa droga is pag kani naigo, mangita na siya og lain para to support his bisyo. Kani mao niyang i-recruit. Kani mangita na pud ni kinsa ni mosustener sa iyang bisyo, kani na pud iyang hilaon. And so on and so forth. So that the community in the end, ang mga bata, maigo. Masakit sa akin `yan. And the next generation is just in the corner. Matanda na tayo. Kaya tayo dito siguro pagbalik ko kalahati wala na kayo. Hypertension, diabetes. Wala na. Ilang --- ilang ano na lang.

Magtanong --- ako magtanong ako, 74. So are you in the pink of health? You must be crazy. Do not ask me that question. At 74, marami na akong umiinom, pati Viagra. *[laughter]* Wala naman. Itong Viagra sabihin ninyo, sakit ng ulo. `Yung pag-dilate ng blood vessels pati `yung tiyan. Kung may ulcer ka, ah balentong-balentong ka sa sakit. Marami... Marami kayo diyan. Malaman mo `yang medyo nag-kuwan ang Viagra kasi medyo putla na. *[laughter]*

You know, actually ako ba, sabi ko sa Diyos na pagkatapos ko ng Presidente, 74 ako ngayon eh, so I'll be out at 77. Sabi ko sa kanya, `wag mo na akong patagalin. Bigyan mo lang ako ng aneurysm. Isang *[snaps his fingers]*...

O kung may cancer ako sabihin ko sa asawa ko, 'pag umabot ako ng third stage, no more. Bakit --- bakit ko pahabain ang buhay ko na hirap? Bakit ko pahabain ang buhay ko na magsakit?

Cancer, masakit 'yan maski hawakan mo lang ang kamay ng ganun. So wala nang quality of life.

I remember, kind of a melodramatic, I do not want to relate it --- not... Ayaw kong sabihin ninyo na nagpa --- a dashing hero of the people. Pero kagabi, nandoon ako sa cancer patients ng mga bata.

May isang araw pumunta ako. Ako ang gumagasto diyan sa --- pati 'yung putol ang paa, ako ang nagbibili ng titanium para sa kanila. Hindi 'yang plaster cast. Just like the soldiers. Ang mga soldiers ko maputulan ng paa, may replacement titanium, tatakbo na naman uli 'yan kagaya nung Blade Runner.

So one day --- one Sunday, pagdaan ko hinawakan niya ang paa ko. Sabi niya, "Mayor." "Oh, ano anak?" Pinagtitignan ko sila pero I console them. Pero siya hindi talaga siya nagbitaw. Sabi niya na, "Putulin naman ang paa ko bukas. Bigyan mo ako ng paa."

Eh na-ano ako, tinamaan ako. Pumasok muna ako sa washroom, sa toilet, umiyak ako. Naawa ako sa bata, payat. Sabi ko, "Sige, akong bahala. 'Pag wala kang --- wala akong paa maibigay sa iyo, itong akin ang ibigay ko." [laughter] So ayun. Tapos sabi ko, "Bong, kaawa naman ito, alagaan natin."

Lahat --- lahat hiningi niya. Computer... He was the favored one kasi naawa nga ako. 'Yung kasama niyang dalawa ganoon rin. Pero they --- medyo gumanda ang buhay, nag-improve kasi sila eh. Si ano --- nakalimutan ko na ang pangalan, 'yung tinitignan ko, tinutulungan ko, bigla rin naayos, lumaki.

Ta linte nga Ilonggo nga gwapo ah. Oo malaki na. Sus sabi ko maligaya masyado ako. At saka itong mga tatlo na ito mga teenagers. Tapos sabi ko minsan halata ko kasi mga teenager na. Tapos ang kasama kong... [Nationwide ba 'to?] Ang kasama kong babae si Girlie.

Ang mga buang nagkain kami ng hamburger, sige tingin doon sa --- naka-mini skirt eh. 'Di sabi ko, "Girl, buksan mo nang kaunti. I-ano mo lang." [laughter] Sabi ni Girlie, "Ay kabastos." Sabi ko, "Hindi. Sige lang. Maawa ka niyan, ipakita --- ipakita mo lang." [laughter]

Alam ko. Teenager na eh. Gumaling na. Matagal na proseso 'yun. Tapos sabi ko pa sa kanya na, "pag nagaling ka, ihatid kita sa M'lang naka-helicopter." [applause] Nung hinatid ko siya dito, nag-landing ako sa harap ng bahay niya. Katabi 'yun ng...

Tapos sabi niya, "Kailangan ko man ng --- gusto ko motor." "Wala ka namang paa, paano 'yan?" Eh may motor lang na accelerator lang pati brake dito, binilihan ko pa para talaga maayos. Malaki na eh. Kaya nung nagbisita siya, sige tingin doon sa girlfriend ko.

Sabi ko kay Bong, "Bong, tanungin mo nga 'yang mga 'yan kung nakatikim na ba sila ng babae?" [laughter] Sabi rin ng tatlo, hindi pa. Kaya sabi ko, "Bong, mamamatay lang naman ito, bigyan mo. Paligayahin mo." [laughter] Hindi alam ng doctor --- si Domingo. Dinala ni Bong. Ipinadala niya doon sa iyong After Dark, iniistambayan ko. Maya-maya contact-contact na siya. "Ready na." Sabi ko, "sige." Dinala sila.

Kinabukasan nagtawag kay Bong. "Bong, pwede ulit?" [laughter] Nagalit. [Sen. Bong: Nakabuntis na 'yung isa, Mayor.] Oo, nakabuntis na. 'Yung isang naputulan, nagbisita ako kagabi. It's about four years ago. 'Yung dalawang naputulan, pina-aral ko, nakabuntis na daw ang g***. [laughter]

Kaya 'wag kang mag-kumpiyansa maski isang paa lang, wala. Unless nadala 'yung utin pagputol. [laughter] Tootoo. Hindi ako nagbibiro, nanganak na. At saka 'yung taga rito matanong ninyo, I forgot the place. But sabi ko sa piloto, "I-landing mo 'yung chopper diyan sa ibaba."

Iyon. Naawa ako, pero namatay rin. Pagkamatay hindi na ako nagpunta dito. Simula noon hindi na rin ako pumunta ng --- 'yang mag-ano ng tao. Masama ang tama. I was grieving. Kasi si Girlie, 'yung --- 'yung ewan ko kung nakita ninyo 'yon. 'Yung sa TV Patrol na hapon, 'yung announcer. Iyon man inuutusan ko samahan siya.

Alam mo nagtawag si Girlie, sabi niya --- sa Abreeza ha, puro walang paa 'yan. Sabi niya, "Gusto man nila sapatos." Wala mang paa. Sabi niya 'yung babae gusto talaga sapatos. Isa lang ang paa niya. Sabi ko, "Bilihan mo na lang, Girl. Bilihan mo na lang." Namatay rin 'yung babae, pati 'yung taga rito.

Apat 'yon sila na --- 'yung dalawa may remission, nag-aral, ayun nagtatrabaho na daw. Nakapabuntis na nga. Magandang ano rin na at least naputulan ka ng paa, may kaligayahan ka pang naiwan.

I assure you that the government will continue to help all of you until you are able to get back to your feet and restart anew with renewed hope and greater capacity to lead dignified lives.

I've said that. I hope that the assistance that we will give you today will make feel the warmth and joy of the Christmas season despite your current situation. Be assured that this administration will stay true to its promise of embodying tapang at malasakit for all, especially to those who are most in need.

In solidarity, let me face the coming year ahead with a strong sense of hope and optimism.

Padayon ta sa atong trabaho. And what else do I have to say? I will just get the --- anong, anong sa bahay. I can --- I will --- I will comply with my promise.

Give me about... Ito siya he has constructed housing for the soldiers, housing for the... Pero `yung sa mga sundalo maganda talaga `yung bahay. `Yung sa mga NPA maliit lang, maliit lang masyado. Eh kalaban, siyempre `yan lang ang inyo.

Maliit `yung kwarto. Ang bedroom kakaunti lang tao magkakasya. Pero kung lima kayo matulog, magtindig `yang mga buang na `yan eh, hindi `yan nakahiga. Merece kayo. Hindi, ibig sabihin maliit lang `yung kanila but it's still a house.

For every communist that will surrender, bigyan ko ng hanapbuhay, bigyan ko ng bahay. So that kung maraming mag-surrender dito, just tell me. Itong housing, kung pila `yan sila dagdagan ko kung mag-surrender sila.

Wala na kasing ano `yan. They are just plain bandits, wala ng ideolohiya. They collect from itong mga farm enterprises, sunugin `yung mga trucks kung... It --- it does not really make any sense. Walang Pilipino na --- unless `yung nabobola nila.

We --- we're trying to have a talk. Pero ang gusto ko, sabi ko kay Sison, "You come home and we will talk alone." Kaming dalawa lang. Ayaw ko ng panel. So kaming dalawa lang. Sabi nila medyo bungol-bungol na daw. Ah mas maganda `yan.

Kay ano-ano sabihin ko. Sabihin ko pumayag siya. "'Di ba gusto mo `yang ganyan, ganyan?" Pumayag siya. `Di ba? Bungol eh. "'Di ba sabi mo pakasal ka na lang tapos bigyan ka ng bahay?" Sabi niya `yan daw ang gusto niya. Tanungin ko siya dito. Ano ba talaga gusto mong p***** i**? What do you want?

You want to destroy a country? Can you really think you can destroy the Philippines? Except you're --- mga bandits kayo. Wala na. Tsaka ang --- marami ang nagsu-surrender. Marami talaga ang bumababa.

So I hope that the communists here, itong mga nandito, magsama na lang tayo. May pera ang gobyerno, pagdating ninyo dito sa baba, pagawaan ko kayo ng mga condo tapos mag-aral kayo sa TESDA.

Wala dito si ano. Libre ang TESDA, mag-aral kayo. And after that ako ang magbayad. Bayaran kita ng --- habang nag-aaral ka.

Pagkatapos --- sa trabaho. Alam mo kung bakit? Alam ninyo 'yan. Dito sa Pilipinas, karaming trabaho pero walang trabahador. Kasi lahat ng mga master electrician, master plumber, master builder, nandoon na sa Middle East.

Kaya ang mga malalaking korporasyon pumunta sa Middle East, kinuha 'yung mga pinaka-mahusay at dinala uli dito with a bigger salary para lang matapos 'yung mga hotel.

Hanggang ngayon, 'yun ang problema ng construction company. Master plumber, 'yung tiga-gawa sa kubeta, magkuha ka lang kasi diyan --- master plumber --- hindi ka magkuha diyan naglalakad na, "To, dali, halika ngare. Tiga buhat ka ng kasilyas? Sundin mo lang. Ilagay mo semento." Pagkatapos 'yan, pag-flush mo hindi pababa, pataas ang... *[laughter]*

Kaya 'yan, kailangan ko 'yan. Kailangan ko kayong mga NPA. Hindi --- hindi sa patayan. Wala --- wala akong makuha kung patayin kita. Mas may silbi kayo sa bayan kung magtulungan tayo.

At 'yon namang lupa na madali lang man. I have, to date, distributed 180,000 hectares of land. Hindi ako matalo sa... Alam ko 'yan ang ano ng NPA, land reform. So you make them a relevant kung mabigyan mo ng...

'Yang Boracay? Kamahal diyan. May mga lupa sa likod diyan. Sabi nila, "Ah, si Duterte pinaganda niya. Ibigay niya sa mga..." Hanggang ngayon, pinutol ko ang sugal. At ang likod ng Boracay, ginawa kong land reform. Ibinigay ko sa mga native doon. 'Yun ang... *[applause]*

Kaya kayo dito, maghanap tayo. If there's still available government lands, ibigay ko 'yan. Wala namang... I mean, I --- I see no good reason why... Paanuhin mo lang ng kugon 'yan mag --- lupa ng gobyerno, eh 'di ibigay mo na lang.

Mga forestal area na wala naman talaga. Pinuputol naman. Eh 'di ibigay na. 'Yan ang ano ko sa kanila. Hindi mo ma-ano. Sabihin mo na matalo ninyo ang gobyerno? Susmaryosep. Mamatay ka na lang, it's still a dream.

You started it 53 years ago, until now you are still the bandidos around the... Hingi dito, kung hindi, patayin niyo. Pagka walang kwenta na buhay nakuha niyo. It ain't that way in life.

So hindi na ako magtagal kay pupunta pa ako doon sa tinamaan rin ng --- ibang --- sa ibang lugar. Padada, Malalag, marami ring imprastruktura. So dito kaunti lang man. Alagaan lang ninyo 'yung pera. Bantayan ninyo. Malaki 'yan. Isang kartong pera 'yan. Hindi namimigay ang gobyerno, ngayon lang dito sa M'lang.

Maraming salamat sa inyong pagkinig sa akin. At maraming salamat, alam ko nanalo ako dito. *[applause]*

Ako, wala akong ambisyon na... Two years I'll be out. So itong two years na ito, gamitin ko ito talaga para sa tao. 'Yang nagtatanong kayo, "Saan 'yung big fish? Saan 'yung mga corruption? Saan 'yung malalaki?" O i-deliver ko na sa inyo ngayon: si Ayala pati si Pangilinan.

'Pag nagkamali 'yang ga --- mga g***** 'yan, ipakukulong ko talaga sila. Kita mo maski anong insulto ko hindi --- hindi na sumasagot. Sigurado, swak sila. Syndicated estafa.

Alam mo ginawa ng mga ulol? Water con --- distributor lang itong mga buang na ito pero kung --- at --- as it turned out, sila na 'yung pinakamayaman at akala mo sila 'yung may-ari ng tubig.

Kaya doon sa kontrata, sila lang ang pwedeng mag-increase, hindi ang gobyerno. We surrendered sovereignty on that. Because sa kontrata ibinigay niya, ang tubig is just a commodity. It is not a part of the na --- natural resource of the country. Which is really a crooked way of interpreting a constitution.

Nandoon 'yan. Tapos kanilang corporate tax, instead of giving it to government, ipasa nila sa consumers. Tapos since 1997, may kolekta sila sa billing, kayong taga-Maynila, environment enhancement kuno, kuno.

Ano --- anong --- ano 'yan? Water treatment facility na ilagay nila diyan sa tabi ng Harrison --- Harris --- diyan banda.

Hanggang ngayon, wala. Sige sila kolekta. Trillion na 'yun, 1997 until now. Walang water treatment. Ngayon 'pag malugi sila, nasa kontrata, bayaran natin sila lalo na kung ma-delay ang increase na gusto nila.

Eh election dumaan, dalawa. Siyempre 'yung mga presidente sinasabi 'yung regulator, "Huwag muna kay magalit 'yung tao." In the meantime, sabi nila napigilan, they incurred losses.

And we have to pay sabi nila. 'Pag nalugi sila, na hindi daw nila kasalanan. 'Yung una nilang lugi, nabayaran, 3 billion. Sa panahon ko, 'pag tingin ko 7 billion. Sabi ko, "Tell them, this is a f***** contract. I will not pay."

On the other hand, habulin ko sila. Eh abugado ako. Isang tingin ko lang, sabi ko mali ito. And if you, your lawyers, 'pag may kopya kayo, if you put it side by side with the Anti-Graft and Corrupt Practices, it's Republic Act -- - Republic Act 30 --- 3019. Tingnan mo doon, lahat ng sinasabi ng Anti-Graft, ipinagbabawal, nandoon sa kontrata. Ganun ang...

Kaya ito, last shot ko ito sa buhay ko. Hindi ko talaga ito pakawalan. Maraming --- kanina, sige na sila... Kasama sa ko sa --- kasama ko sa Cabinet, sabi nila mag-ano daw, negotiate. Sabi ko, "There is nothing to negotiate a contract that is null and void from the very beginning." Because in that contract, the Philippines agreed to waive sovereignty. You cannot do it. At saka 'yung tax --- income corporate tax, ipasa nila doon sa mga consumers. That's a rip-off.

Tapos 'yung collection nila sa water treatment, 1997 hanggang ngayon, walang water treatment --- sige bayad ang Pilipino. Ang --- ang western side pati eastern side --- I think the eastern side is with Pangilinan, western side of Manila is Ayala.

Iyon ang nangyari sa atin. Talagang itinago nila 'yang contract na 'yan. Alam mo kung ano ang dahilan bakit ko naamoy? Nandito ako sa Davao, sabi nila walang tubig. Pinahirapan nila ang tao limang araw walang tubig.

Tapos nagtawag ako --- tawag ako sa isang tao, sabi niya may tubig. Tinawagan ko ang military --- sa intelligence, sabi ko, "Puntahan ninyo tingnan niyo kung may tubig o wala." At ang report, "Sir, may tubig."

Kaya sabi ko, lilipad ako bukas diyan sa Maynila. 'Pag wala pang tubig na tumulo diyan sa faucet na 'yan, pagsasampalin ko kayo lahat sa harap ng tao. Pagdating ko sa Maynila, may tubig na. *[applause]*

Kaya sabi ko kalokohan ito. Pinaglalaruan tayo ng mga mayayaman. Ang sabi ko nga noon sa inyo dito --- sabi ko naglaro lang ako ng kamay ko corruption, itong corruption sabi ko pinakamalaki ito sa itaas. Iyang mga Customs diyan, maliit 'yan.

Dito sa taas, walang bayad ang mga taxes kagaya ng Donut, may-ari ng Inquirer, ginagamit nila para panlaban, ipitin ka.

Ito ngayon mga p***** i** kayo, Inquirer, lahat wala kayong imik kasi kayo ang mouthpiece ng oligarchs sa Pilipinas.

Kayong mga p***** i*** diyan sa Inquirer, binabayaran kayo. You are no better than a prostitute. You sell your talent to the rich against the poor.

Iyan ang ano. Kaya noon pa galit ako sa mga mayaman. Mga t***** ang p***** i**. Sige lang, pagdating natin sa --- hintayin ko kayo sa Maynila. Sabay-sabay tayo sugurin natin 'yan sila. *[laughter]* Kaya ninyo? *[applause]*

Alam mo pagka ang Pilipino... Sabi ko nga noon eh --- sinabi ko sa mga sundalo lalo na pulis --- sabi ko, "Adre, kung maliit na bagay lang, pwede tayong mag-ayusan." Even 'yung mga NPA. But if it comes to an issue between you and my country, pasensya na lang.

This issue of the Ayalas and Pangilinan, all billionaires, is an issue of corruption at niloko ninyo 'yung tao. At 'yang kontrata ng p***** i***** 'yan, walang nakakita. It was negotiated during the time of Marcos, continued to the time of Arroyo, inextend niya. Tapos sa akin i-extend, sabi ko, hindi.

Sabi nila nag --- you threatened us na ipa ---putulin 'yung tubig, do not do that. Why? I will arrest all of you for syndicated estafa or plunder.

Arestuhin ko talaga kayo. Maniwala kayo. Gusto kong bilyonaryo makita sa kulungan. P***** i** niyo. Huwag niyo akong b****s****in. At 'yang tubig na 'yan ninyo, I will order the military to take over.

Hintuan ninyo 'yan. I will expropriate it. Maghintay kayo kung may pera ako pambayad. Kung wala, pasensya kayo.

'Yan 'yung ganun ka-ano. Tinatakot kasi ninyo 'yung... Walang presidente gumalaw niyan eh, takot. Takot sa pera, takot sa ABS ganun.

Itong ABS mag-expire ang contract ninyo. Mag-renew kayo, ewan ko lang kung may mangyari sa inyo.

Ako pa sa iyo, ipagbili na ninyo 'yan. Kasi ang Piliipino ngayon lang makaganti sa inyong kalokohan. And I will make sure that you will remember this episode of our times forever.

Maraming salamat po. [*applause*]
